Bibliya Para sa mga Bata
Ilinalahad

Ang Nawala at Natagpuang Anak



Sinulat ni: Edward Hughes
Ilinarawan ni: Alastair Paterson; Lazarus
Ibinagay ni: Ruth Klassen at Sarah S.
Isinalin ni: Christine Cornejo
Yinari ng: Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2022 Bible for Children, Inc.
Lisensya: May karapatan kayong magkopya o mag-imprenta ng kuwento, kung hindi ninyo ipagbibili.



Mahilig magkwento si Hesus tungkol sa kapatawaran ng Diyos. Ngunit ang mga lider ng templo ay hindi ayon sa pagsalo ni Hesus sa mga makakasalanan. Kaya't nagbigay Siya ng tatlong kwento kung saan ipinapakita ang kasiyahan ng Diyos kapag ang makasalanan ay nagsisisi sa kanilang mga kasalanan.

Ang unang kwento ay tungkol sa isang pastol na may isang daang tupa. Ang isa rito ay nawala. Kaagad iniwan ng pastol ang natitirang siyamnapu't siyam na tupa upang hanapin ang isang nawawala.



3

Hinanap ng hinanap hanggang sa natagpuan niya ang tupa. Pagkatapos ay inilagay ito sa kanyang mga balikat at masayang dinala muli sa kanyang tahanan. Sinabi niya sa kanyang mga kaibigan,

"Makipagsaya kayo sa akin dahil nakita ko na ang tupa kong nawawala!"



4

Ang paliwanag ni Hesus: magkakaroon ng higit na kagalakan sa langit kahit lamang sa isang makasalanang nagsisisi. Ang pagsisisi ay ang pagtalikod din sa kasalanan.



5

Ang sumunod na kwento ni Jesus ay tungkol sa isang babae na may sampung pilak, na marahil ay ang kanyang ipon buong buhay. May masamang nangyari. Nawala ang isang pilak.

6

Walis! Walis! Walis! Naghanap ang babae sa buong bahay.



7

Sa wakas natagpuan niya ang nawalang pilak. Siya ay tunay na naging masaya. Maaari ninyo hulaan kung ano ang ginawa niya kasunod nito? Oo, sinabi niya sa lahat ng kanyang mga kaibigan na nahanap niya ang pilak.



8



Muli ay sinabi ni Hesus, "Gayundin ang kagalakan ng mga anghel ng Diyos sa isang makasalanang tumatalikod sa kasalanan."

9

Ang ikatlong kwento ni Hesus ang pinakamalungkot. Ito ay tungkol isang batang lalaki na umalis sa bahay ng kanyang ama.



10

Ang batang lalaki ay nagpunta sa isang malayong lupain at duon nilustay ang kanyang kayamanan. Nang maubos na ito, nagkaroon ng matinding tagsalat, kaya't siya ay nagsimulang magutom.



11

Dahil sa gutom, nagtrabaho ang batang lalaki sa isang babuyan. Ngunit siya ay hindi rin pinapakain ng kanyang amo, kaya't halos kainin na niya ang pagkain ng mga baboy. Malamang ay nagawa niya nga ito sa tindi ng gutom. Ngunit napag-isip-isip niya ang kanyang ginawa, "Labis-labis ang pagkain ng mga alila ng aking ama, samantalang ako'y namamatay dito sa gutom!"

12

"Babalik ako sa aking ama at ako ay hihingi ng tawad para sa aking mga kasalanan. Hindi ako karapat-dapat na tawaging kanyang anak ngunit sana'y ibilang man lamang akong sa kanyang mga alila."



13

Malayo pa lang ang batang lalaki ay natanaw na siya ng kanyang ama. Ang ama ay masayang sinalubong ang nagbalik na anak. Hinalikan at niyakap niya ito.



14



"Ama, nagkasala po ako. Hindi po ako karapat-dapat na tawagin ninyong anak." Ngunit tinawag ng ama ang kanyang mga alila, "Kunin ninyo ang pinakamagandang damit, sandalyas at singsing para sa aking anak. At maghanda kayo ng isa malaking pagdiriwang!"

15

Nagkaroon ng isang malaking pagdiriwang sapagkat ang anak na nawala ay muling natagpuan. Nabanggit ni Hesus ang kwentong ito dahil ito ay nagpapakita kung paano tanggapin ng Diyos ang mga makasalanang nagsisisi at nanunumbalik sa Kanya.

16

Ang Nawala at Natagpuang Anak

isang kuwentong nanggagaling sa Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Lucas 15

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

17

Ang Wakas

45 60

18

Ang kuwentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkol sa kahanga-hangang Diyos na lumikha sa atin at ibig Niyang aalamin natin Siya. Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo Niya na ipinadala Niya ang Kaniyang Anak na si Hesus upang maipako at mamatay sa Krus bilang parusa para sa ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kung kayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran para sa inyong mga kasalanan, gagawin Niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon, at kayo ay maninirahan na kasama Niya sa Kaniyang tahanan na walang hanggan.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako po'y naniniwalang si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli. Maaari po bang pumasok Kayo sa aking buhay at patawarin po Ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon, at sa darating na araw ako'y kasama Ninyo sa Inyong piling na walang katapusan. Tulungan po Ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang Inyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16

19